


# Ang Pag-unlad ng Kilusang Radikalismo sa Pilipinas

**Rhina Alvero-Boncocan**

Pito sa mga sumulpot na kilusang radikal sa Pilipinas ang naging tuon ng pag-aaral. Layunin nito na hanapin ang pangkalahatang katangian ng mga kilusang naghangad at naghahangad ng pundamental na pagbabago sa lipunan. Mula sa Katipunan hanggang sa CPP at RAM ay sinundan ng pag-aaral ang naging daloy ng iba't ibang kilusan na nagkaroon ng malaking epekto sa kabuuang kasaysayan ng Pilipinas. Sinuyod at siniyasat ang mga layunin, programa, saklaw o lawak ng suporta at mga suliraning kinaharap ng mga kilusang ito upang makita ang pagkakapareho o pagkaka-iba sa mga binitbit na prinsipyo ng pakikibaka.

Dalawang mahalagang tema ang dinaanan at dinadaanan ng kasaysayan ng kilusang radikalismo sa Pilipinas, una ang pagkamit ng pundamental na pagbabago sa lipunang ginalawan at ikalawa ang mithiing magkaroon ng isang malaya at makataong lipunan.

## PANIMULA

Sa mahabang panahon ng ating kasaysayan bilang isang bansa, makikita ang isang aspekto na nagsisilbing kawing sa iba't ibang panahon–ang pagsulpot ng mga kilusang naglalayong makamit ang mga pundamental na pagbabago sa lipunang kanilang ginagalawan. Sa partikular, ang mga ito ay tinaguriang kilusang panlipunan o simpleng katawagan, *kilusan*. Hinahanap nito ang mga pagbabago na sasakop sa mga batayang institusyon sa kabuhayan at pulitika[1] at mga pagbabago pagtungo sa isang makataong lipunan. Makikita ito sa anyo ng mga pag-aalsa, rebelyon, natibismo o kilusang milenaryan at rebolusyon.[2]

Karaniwang mamamalas sa mga nabanggit na kilusan ang paggamit ng armadong pakikipaglaban bilang sandata sa pagkamit ng mga mithiin. Ito marahil ang batayan ng pagtaguri sa mga ito bilang mga *kilusang radikal*—mga kilusang humihingi ng sukdulan o pundamental na pagbabago hanggang sa punto ng layuning sirain ang namamayaning kaayusan.

Ang maikling papel na ito ay tatalakay sa naging daloy ng pag-unlad ng kilusang radikalismo sa Pilipinas. Layunin ng papel na ilarawan ang mga kilusan na nagnais magpatupad ng mga pundamental na pagbabago sa lipunang kanilang ginagalawan. Titignan ang mga dinalang layunin, programa, saklaw at lawak ng suporta at mga suliraning kinaharap. Titignan din ang kinahinatnan ng kilusan at ang impluwensiya ng mga ito sa mga sumunod pang pagkilos. Pitong kilusan mula sa pananakop ng mga Espanyol hanggang sa kasalukuyan ang pagtutuunan ng pansin: ang *Katipunan* at rebolusyunaryong kilusan sa panahon ng Kastila; ang kilusan ni Sakay, Sakdal at ang Partido

Komunista ng Pilipinas sa panahon ng Amerikano; ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap) sa panahon ng pananakop ng Hapon; at ang *Communist Party of the Philippines, National Democratic Front at Reform the Armed Forces Movement* para sa kasalukuyang panahon.

## MGA KILUSANG RADIKAL SA DALOY NG KASAYSAYAN

Isa sa mga aspektong maaaring maglarawan sa naging kasaysayan ng ating bansa ang pagsulpot ng mga kilusang naglalayong makamit ang mga pundamental at radikal na pagbabago sa mga institusyon sa lipunan. Sa bawat dekada ng apat na dantaon ng ating kasaysayan, mapapansin sa mga kilusang ito ang isang temang nagpapatuloy at bumubuo sa isang tradisyong kultural.

### *ANG KATIPUNAN AT PAGHIHIMAGSIK LABAN SA MGA ESPANYOL*

Bunga ng isang malinaw na tunggalian sa pagitan ng naghaharing uri at ng pinaghahariang kolonya, ang kolonyalismong Espanyol ay nakalikha ng isang krisis sa lipunang Pilipino. Sa kabilang banda, ang pamahalaang Kastila, ang mga lokal na opisyal, hukbo at mga prayle na patuloy sa isang mapanikil na pamamahala, ay gumagawa ng isang hanay laban sa pinaghahariang uri ng magsasaka, mangingisda, mangggawa sa lungsod, mga grupo ng ilustrado at panggitnang-uri.[3]

Ang rebolusyon o paghihimagsik ay naglalayong makamit ang kasarinlan at kalayaan ng bansa mula sa kamay ng kolonyal na puwersa. Nakabatay ang layuning ito sa karanasang dulot ng kolonyal na dominasyon: ang pagsasamantala sa lupa bunga ng piyudal na kaayusan, pang-aabuso ng mga prayle, at kawalan ng partisipasyon at kapangyarihang pulitikal sa ilalim ng isang rehimeng nakabatay sa kulay at lahi. Isa ring mahalagang bahagi ng kilusan ang pagkamit ng isang makatuwiran at makataong lipunan na nakabatay sa prinsipyo ng pagkakapantay-pantay ng mga uri.[4]

Ang radikal na grupong nagpasimuno sa paghihimagsik laban sa kolonyal na puwersa ay ang *Katipunan*. Naunang naging bahagi ng

mga repormistang grupo gaya ng La Liga Filipina,[5] ang mga kasapi na gaya ng pinunong si Andres Bonifacio ay naniwalang wala nang kahihinatnan ang kilusang reporma. Nanindigan silang humiwalay na sa pamahalaang Kastila upang makamit ang kalayaan at soberenya at matamo ang isang lipunang magpapabuti sa buhay ng mas nakararaming Pilipino.

Mula sa isang maliit na samahang lihim, mabilis na lumawak ang kasapian at suporta ng *Katipunan* sa iba't ibang bahagi ng lipunang Pilipino: mga magsasaka, manggagawa, panggitnang uri at progresibong lokal na pamunuan. Naging malawak din ang sakop ng impluwensiya nito mula sa mga bayan at probinsiyang Tagalog hanggang sa malalayong lugar ng Batanes sa hilaga at Mindanao sa timog.[6] Nagpatunay ito na ang magkakaibang rehiyon at probinsiya ay nakaranas ng magkakatulad na kondisyong nakapag-isa sa kanilang kamalayan bilang mga Pilipino upang tutulan ang puwersang kolonyal.

Sa kabilang dako, ang diwa ng pagkakaisa sa loob ng isang binuong bansa ay mahihigitan ng mga kontradiksyon sa pagitan ng mga uring bumuo sa puwersa ng himagsikan. Matapos mapag-isa sa hanay ng anti-kolonyal na puwersa, unti unting pinaghiwalay ang mga naghihimagsik ng isang mangingibabaw na makauring tunggalian.[7]

Makikita ang tunggaliang ito sa magkaibang tunguhin ng interes sa pakikilahok sa himagsikan. Para sa mga kasaping nasa mas mababang uri ng lipunan, ang himagsikan na magpapabagsak sa pamahalaang kolonyal ay mangangahulugan din ng paglaya mula sa mga kondisyong mapagsamantala. Sa kabilang banda, ang mga nasa panggitna at nakatataas na uri ay naghangad ng kasarinlan upang mapanghawakan ang kapanyarihang pulitikal para sa sariling pang-ekonomiyang interes. Makikita ito sa naging karanasan ng rebolusyon sa Malolos at sa Hongkong Junta. Ang kagustuhan ng mga nakakariwasang mapanatili ang tradisyunal na istrukturang pumapabor sa iilang tao lamang at ang mapangalagaan ang interes ng mga may

malalaking lupain ay nagpapahiwatig ng mga kahiwalay na kamalayan hinggil sa himagsikan ng dalawang panig. Ito rin ang magbabadya ng pagkatalo ng mababang uri sa sinimulang mithiin ng himagsikan at pananatili ng kapangyarihan ng nasa nakatataas na uri, bagay na ipamamana sa susunod pang mga kilusan.

### *Ang Katipunan ni Macario Sakay*

Sa gitna ng makauring interes na namayani sa rebolusyon, nagpatuloy pa rin ang mga kilusang nagtataguyod sa ideyal ng himagsikan na magsasakatuparan sa isang lipunang makatao, makatwiran at may pagkakapantay-pantay. Naging mahirap para sa kanila ang pagpapatuloy ng adhikain ng *Katipunan* ngunit sila ay nanatiling matatag sa kanilang ipinaglalaban. Isa na rito ang *Bagong Katipunan* ni Macario Sakay.

Ang pagkalupig ng mga Rebolusyonaryong Pilipino laban sa mga Amerikano ay hindi naging sagabal sa pagnanais ni Sakay na makamtan ang ideyal ng *Katipunan*. Bagkus, dahil sa kooptasyon ng *elite* sa pamahalaang kolonyal, lalong tumibay ang kanyang hangaring makamit ang kalayaan ng taongbayan. Si Sakay ay kasa-kasama ni Bonifacio sa pag-oorganisa, pagpapalabas ng pahayagang ***Kalayaan***, at pakikipagpalaban ng huli sa kabundukan ng Morong.[8] Matapos ang pagbagsak ni Bonifacio sa kamay ng mga Magdalo, nabawasan rin ang papel ni Sakay sa pamahalaang rebolusyonaryo. Nagkasya na lamang siya pansamantala sa pagbuo at pagpapatuloy ng samahang *Katipunan* sa maraming maliit na bayan sa Katagalugan. Ang pag-oorganisa nito ay naging makabuluhan nang bumagsak ang pamahalaang rebolusyonaryo ni Aguinaldo. Sa pamamagitan ng kanyang puwersa na binubuo ng mga kasaping nasa mababang antas ng lipunan at mga walang pinag-aralan, isa sa mga naunang bumangon at nagpatuloy sa pagsasabuhay ng diwa ng *Katipunan* ang samahang pinamumunuan ni Macario Sakay.

Ano ang ipinaglalaban ng Bagong *Katipunan* ni Sakay?

Naniniwala itong ang pakikipagkasundo sa mga Amerikano ay isang pagtalikod sa ideyal ng kalayaan at malinaw ring nakikita na ang pagkakaiba sa kamalayan ng mga naghihimagsik ay nakaugat sa pagkakahati sa uri. Aniya,

> "Sa paghihimagsik na guinawa dito sa Pilipinas ay napagmalas sa lahat ng Kababayan ang di pagcacaisang loob, gaua ng paglingap sa pilak, sa yaman at karunungan, ay uala ang pagtatanggol sa kalahatan, at itinangi ang sariling katauan."

Tinutukoy niya ang mga *elite* na nakikipagsabwatan sa mga Amerikano at nagkakanulo sa tunay na diwa ng kalayaan. Kaya nga't sinabi niya na ang *Bagong Katipunan* ay nagtatanggol sa tunay na kalayaan ng bayan upang matamo ang tunay na katwiran.[9]

Malinaw sa kasapian at pamunuan ng samahan ni Sakay na di ito naging tagapagmana ng rebolusyong pinamunuan ng mga *ilustrado*. Sa halip, tagapagmana ang *Bagong Katipunan* ng naunang *Katipunan* ni Bonifacio. Ang kasapian ay binubuo ng mga nasa mababang uri at halos walang pinag-aralan, at maging ang pamunuan ay mga ordinaryong mamamayan: barbero, mananahi, magsasaka at minsan ay mga ermitanyo pa. Ito marahil ang dahilan kaya di sila tinanggap bilang mga tunay na "lider" ng lipunan at sa halip ay tinaguriang mga bandido at mga panatiko. Nananahan sila sa mga bundok, gaya ng Banahaw at Morong at naglunsad ng labanang gerilya.

Ang malakas na puwersang militar at pakikipagsabwatan ng mga Pilipinong *elite* ang naging salik sa pagbagsak ng kilusang Bagong *Katipunan*. Walang kakayahang makipagsabayan sa mga konstabularyo ang mga maliit na grupong gerilya ni Sakay. Sa pagkakanulo ng isang pulitiko, si Dominador Gomez na humikayat sa kanyang sumuko noong Hulyo 17, 1906, si Sakay at iba pang kasamahan ay inaresto ng mga Amerikano.[10] Binitay siya noong 13, Setyembre 1907.[11]

Nabigo man sa kanyang hangarin si Sakay ay nanatiling nakaukit siya sa diwa ng *Anak ng Bayan*. Ang paghahangad ng tunay na kalayaan pa rin ang nagsisilbing pamana ng *Bagong Katipunan* ni Sakay sa mga susunod pang pagkilos. Maaaring nag-iiba ito ng anyo bunga ng mga pagbabago sa kalagayan ng lipunan subalit mananatili ang diwa ng mga naunang ipinaglalaban.

### *Ang Kilusang Sakdalismo*

Habang maraming Pilipino ang sumasabay sa laro ng kolonyal na pulitika, partikular sa mga kalunsuran at sa antas ng mga *elite* at panggitnang uri, nananatili pa rin ang ideyal ng *Katipunan* ng tunay na kalayaan sa maliit na kilusang radikal. Isa na rito ang Kilusang Sakdalismo.

Bagamat nagsimula ang pagkilos sa kalunsuran at sa pamumuno ng isang *ilustrado* at kasapi ng panggitnang uri na si Benigno Ramos, mabilis namang niyakap ng mga ordinaryong mamamayan na mga dating kasapi ng *Katipunan* at tagasunod ni Heneral Ricarte[12] ang kilusan. Ito marahil ay sa kadahilanang pumanig ang kilusan sa mga maliliit na inaaping sektor ng lipunan. Naipahayag ang sentimiyento ng mga magsasaka ukol sa mga problema sa lupa, usura at buwis, lalung lalo na ang sedula. Naniniwala ang mga kasapi na ang sagot sa kahirapan at ibang sakit ng lipunan ay nasa kalayaan ng bayan.

Habang ang mga *elite* na lider-pulitiko ay nagkakasya sa paghingi ng ilang reporma at paghihintay sa pangako ng Amerikang ibibigay ang kalayaan sa panahong may kahandaan na ang bayan, ito naman ang sagot ng mga *Sakdalista*:

> Katotohanang sinasabi namin na ang kasarinlan ay wala sa Amerika, kundi narito sa Pilipinas at ang kasarinlang iyan ay hindi hinihingi ni hindi ibinibigay kundi kinukuha."[13]

Malinaw na nananatili pa ring malawak ang sentimyento ng mga ordinaryong mamamayan para sa pagkamit ng kasarinlan mula sa dayuhang mananakop.[14]

Ayon sa *Sakdalismo*, may tatlong bagay na dapat pahalagahan at isakatuparan:

1. Ang Pilipinas ay maging sa mga Pilipino lamang.
2. Ang lahat na Pilipino ay maging pantay-pantay sa pagtamasa ng ginhawa sa kabuhayan; pantay pantay sa uri at sa dangal ng pagkatao; at pantay pantay sa mga karapatan.
3. Ang mga taong pamahalaan ay dapat magpakahirap upang guminhawa ang bayan.[15]

Hindi nakapagtataka na maging malawak ang impluwensiya ng Kilusang Sakdal. Ang kasapi ay nagmula sa iba't ibang antas ng lipunan ngunit ang kalakhang bahagi ng kasapian ay mga magsasaka, mangingisda, manggagawa at mga maralitang taga-lungsod na tuwirang nakararanas ng malubhang kalagayan sa lipunan bunga ng kahirapan. Madaling naaakit ang mga maliliit sa mga prinsipyo at adhikain ng *Sakdalismo*: "paglaban sa pagsakyod, pagsasamantala at pagkaalipin". Iba ang kanilang pagkaunawa o pakahulugan sa kalayaan. Higit pa sa karapatang pulitikal ng pagsasarili, ang kalayaan ay nangangahulugan ng paglaya sa kahirapan at pagkamit ng sariling lupa, kaginhawaan at edukasyon para sa kanilang mga anak.[16]

Pumasok sa iba't ibang larangan ng pakikipaglaban ang mga Sakdalista. Nariyang sumali sila sa halalan sa ilalim ng isang partido. Ang halalalan noong Hunyo 5, 1934 ang nagpatunay sa lawak ng kanilang impluwensiya. Naglunsad din sila ng mga kilusang masa gaya ng panawagang boykot sa halalan, boykoteo ng mga produktong Amerikano at mapayapang pagsuway sa ilang mga panukala sa ilalim ng rehimeng Amerikano.[17] Nang simulang gipitin ng pamahalaan bunga ng pagkatalo nito mula sa plebisitong magtatakda ng batas para sa pagtatatag ng Komonwelt, inilunsad nila ang isang malawakang pag-aalsa na sumakop sa maraming bayan ng Laguna, Bulakan at Quezon noong Mayo 2-3, 1935.

Muli, ang lakas ng pamahalaan at militar, gayundin ang kooptasyon ng mga namumunong *elite* ang nagbigay daan sa pagkabigo

ng Kilusang Sakdalismo upang makamit ang mga layunin nito. Bagamat di nagtagumpay ang pag-aalsa dala ng matinding represyon ng pamahalaan at konstabularya, ang kilusan ay patunay na may mga Pilipino pang nananatiling nagmimithi ng tunay na kalayaan ng bayan.

### *Ang Partido Komunista ng Pilipinas*

Matapos ang pag-aalsang Sakdal noong Mayo 2-3, 1935, nagpatuloy pa rin ang Partido Sakdal subalit mapapansin na ang pananamlay at pagiging maamo ng posisyong pulitikal ni Benigno Ramos. Bunga nito, nagsimulang umakit ng suporta sa mga masa at intelektwal ang iba pang mga organisasyon o partido na may higit na radikal na katangian: ang Partido Sosyalista at Partido Komunista ng Pilipinas.

Ang dekada '20 at '30 ay kakikitaan ng matinding pagtaas ng kamalayan ng mga uring magsasaka at mangagagwa. Ang pananatili ng rehimeng Amerikano ay nagdulot ng pagpapatuloy sa kaayusang piyudal sa usapin ng pagmamay-ari ng lupa at bagamat ipinangangalandakan ng mga Amerikano ang programa ng pagbili ng lupaing prayle, nananatili sa kamay ng malalaking *cacique* ang malalawak na lupain at higit na dumami ang bilang ng mga pesante.

Samantala, ang konsentrasyon ng produksyon ng mga produktong panluwas ay nagbigay daan sa pagsulpot sa Maynila ng mga pabrika at bahay kalakalan. Mangangahulugan ito sa kalaunan ng unti-unting pagdami ng bilang ng manggagawa sa kalunsuran.

Subalit bunga ng pagkakawing ng ekonomiya ng bansa sa pamilihang panlabas, di ito nahiwalay sa pangkalahatang depresyon na naranasan sa Amerika noong dekada '20 at '30. Nang ang mga presyo ng mga produktong iniluluwas ay nagbagsakan bunga ng depresyon, nagdala ito ng matinding kahirapan sa hanay ng magsasaka at mangagawa. Ang pagkalugi ng mga panginoong maylupa at bahay-kalakal ay ipinasa sa mga maliliit na magsasaka at

manggagawa na nagpatindi sa nararanasang kahirapan ng mga ito. Ang ganitong kalagayan ay nagtutulak sa marami na sumapi sa mga organisasyon ng magsasaka at manggagawa. Pinakamalawak ang impluwensiya ng *Katipunan Pambansa ng mga Magbubukid sa Pilipinas*(KPMP) na pinamunuan ni Jacinto Manahan at ng *Congreso Obrero de Filipinas* (COF)na binuong pangkalahatang samahan ng mga manggagawa. Di naglaon, ang COF ay ginawang *Katipunan ng mga Anak Pawis ng Pilipinas (*KAP) na nag-isa sa mga manggagawa at magbubukid sa pamumuno nina Crisanto Evangelista at Jacinto Manahan.[18]

Ang mga layunin ng *Katipunan ng mga Anak Pawis* ay ang sumusunod:

- pagkaisahin ang mga uring mangaggawa at magsasaka at lahat ng inaaping masa sa isang makauring organisasyon;
- labanan ang pananatili ng imperyalismong Amerikano sa Pilipinas;
- lumaban para sa pagpapabuti ng kalagayan ng buhay at paggawa ng mga manggagawa at magsasaka;
- Lumaban para sa pagkamit ng kagyat, lubos at ganap na kalayaan ng Pilipinas at pagtatatag ng tunay na makabayang pamahalaan;
- makiisa sa iba pang kilusang rebolusyonaryo sa buong mundo, partikular sa mga bansang kolonyal;
- magtatag ng sistemang *Soviet* sa Pilipinas.[19]

Umakyat sa ibang antas ng oryentasyong-pulitikal ang kilusang radikal sa Pilipinas nang itatag ang *Partido Komunista ng Pilipinas (PKP)* noong Nobyembre 7, 1930. Halos lahat ng mga kasapi sa pamunuan-Komite Sentral nito ay galing sa KAP. Ang PKP ay naglayon na makapagbuo ng isang lipunang sosyalista sa pamumuno ng uring proletaryo alinsunod sa teorya ng Marxismo at Leninismo sa pamamagitan ng armadong pakikibaka.[20] Dahil sa pamaraang itinataguyod ng partido, dalawang taon pa lamang mula nang ito ay maitatag, ang partido ay ideneklara nang ilegal.[21] Kayat mula 1932 hanggang 1938, ito ay naging isang lihim na kilusan.

Habang ito ay ilegal, malaki ang naging ugnayan ng PKP sa Partido Sosyalista ni Pedro Abad Santos. Pinaniniwalaang komunista rin si Santos at ang kanyang partido ay nagsikap na mapag-ugnay ang kilusang manggagawa sa PKP at kilusang magsasaka sa Gitnang Luzon sa *Partido Sosyalista*. Kaya nga't noong 1938, ang dalawang partido ay pinag-isa sa ilalim ng *Partido Komunista ng Pilipinas* sa pamumuno ni Crisanto Evangelista bilang pangulo at Pedro Abad Santos bilang bise-pangulo na nangangahulugan ng paglakas at paglawak ng puwersang radikal sa panahong ito. Ang pagsanib na ito ay bunga na rin ng impluwensiya ng mga komunista mula sa labas, partikular ang *Partido Komunista ng Amerika* na naglalayong tulungan at itaguyod ang pinagsanib na partido bilang gawaing internasyunalismo ng kilusang komunismo.[22]

Sa unang bahagi ng pagkabuo ng PKP, ang partido ay nagtaguyod ng mga kahilingang pampulitika at pangkabuhayan habang isinusulong ang mga kahilingang pulitikal, sa partikular, ang kagyat at lubos na kalayaan mula sa imperyalistang Amerikano at pagtatayo ng sosyalistang pamahalaan. Sa pagtatapos ng dekada, naimpluwensiyahan ng PKP ang maraming bilang ng mga organisasyong manggagawa at magsasaka gaya ng *Aguman ding Maldang Talapagobra* (AMT) na may higit sa 50,000 kasapi sa Gitnang Luzon, ang KPMP ni Juan Feleo na may 60,000 kasapi at ang KAP na may 80,000 kasapi.[23]

Isa pang pinagtuunan ng pansin ng partido noong huling mga taon ng dekada ay ang paghahanda para sa lumalawak na panganib ng pasismo kaya't nagbigay ito ng babala sa banta ng agresyong Hapon sa bansa at nanawagan ng pakikipagkaisa sa pamahalaang Komonwelt upang kolektibong maghanda laban sa pananakop ng bansang Hapon.[24] Ang isinagawang malalim na pag-oorganisa sa loob ng mga militanteng organisasyong manggagawa at magsasaka ay masasabing napakahalagang ambag ng PKP sa susunod pang mga pagkilos. Ang partido at iba pang mga organisasyong radikal noong dekada '30 ang magsisilbing puwersang lalaban sa pananakop ng Hapon.

## *ANG HUKBONG BAYAN LABAN SA HAPON (HUKBALAHAP) AT HUKBONG MAGPAPALAYA NG BAYAN (HMB)*

Nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong Disyembre 1941, ang PKP at ang mga kaanib nitong organisasyon ay kinakailangang kumilos ng lihim kagaya ng iba pang legal na organisasyong pampulitika. Nagtangka itong kumilos patungo sa armadong pakikibaka laban sa Hapon at itinatag ang *Hukbong Bayan Laban sa Hapon* o HUKBALAHAP noong 29 Marso 1942. Malaking bahagi rin nito ay nanggaling sa mga kilusang magsasaka na kaanib ng PKP gaya ng KPMP.[25]

Bunga ng kanilang patuloy na paglaban sa mga puwersang Hapon at pagpapatupad ng programang nagtatanggol sa karapatan ng mga ordinaryong mamamayan, lumawak ang kasapian ng *Hukbalahap*. Napagkaisa nila ang mga Pilipino nang hindi isinasaalang alang ang pagkakaiba sa pulitika, relihiyon at uri sa lipunan. Sa partikular, ang mga komunistang pinuno ang naghihikayat sa *Hukbalahap* sa mga gawaing makakaakit sa mas marami  pang tagasunod. Makikita ito sa isang komentaryo noong 1946 "na nagsasaad sa pakikipaglaban sa mga Hapon, nahikayat nila ang damdaming makabayan ng masa. Sa pag-usig sa mga nakikipagsabwatan sa Hapon na karaniwan ay nabibilang sa uring *cacique*, napukaw nila ang kaisipan ng mga pesante laban sa mga nang-aapi at nagkakanulo sa bayan. At sa pagpapatupad ng isang radikal na programang sosyo-ekonomiko, napatunayan nila ang katangiang militante ng kilusan sa pamamagitan ng pagtatanggol sa interes ng masa."[26]

Ang kalakhan ng kasapian ng kilusang *Hukbalahap* ay binuo ng masang pesante. Sa unang bahagi ay isa lamang itong puwersang militar sa pamumuno ng ilang Komunista subalit di naglaon, nagbuo rin ito ng katumbas na pulitikal na organisasyon, ang *United Front Movement.*[27] Nangangahulugan ito ng pagiging mas malawak ng organisasyon na binuo ng mga bahaging militar, pulitikal at masang suporta: ang

bahaging militar ang tuwirang lumalaban, ang bahaging pulitikal ang nagpapalawak ng kamalayan sa pamamagitan ng propaganda at ang masang suporta naman ang bumubuhay sa kilusan at nagsisilbing balon ng mga kasapi at tagakalap ng pangangailangang lohistikal.[28]

Mula Disyembre 1944 hanggang Pebrero 1945, ang Huk ay nagpatalsik sa mga puwersang Hapones nang kasabayan ang mga sundalong Amerikano subalit sa huling bahagi ng taong 1945, nagsimulang pahinain ng mga Amerikano ang mga kasapi: inaresto, dinisarmahan at nagharap ng mga kaso ng subersyon at kolaborasyon.[29] Sa huli ay pinasuko at binuwag ang mga pormasyong militar ng hukbo at noong Setyembre 1945, pormal na binuwag ang *Hukbalahap*. Pinilit ding supilin ang lumalawak na kilusang pesante na kaugnay ng *Huk*, ang *Pambansang Kaisahan ng mga Magbubukid* (PKM). Sa gitna ng ganitong represyon, muling umusbong ang isang malawakang kilusan na pumalit sa *Hukbalahap*, ang *Hukbong Magpapalaya ng Bayan (HMB)*. Sa pamamagitan ng HMB, muling nagsagawa ang PKP ng pagpapalawak ng kasapian sa Gitnang Luzon at Katimugang Luzon mula 1946 hanggang 1948 at tinalikuran ang legal na pakikibaka sa halalan at muling niyakap ang armadong pakikibaka.[30]

Nanawagan ang HMB ng pagpapabagsak sa rehimeng tinaguriang tuta ng imperyalistang Amerikano. Ang hakbang ay nakabatay sa persepsyon na mayroong kalagayang pabor sa isang rebolusyon (*revolutionary situation*) bunga ng protesta ng bayan sa represyon at kawalan ng inisyatibang ipatupad ang tunay na reporma sa lupa. Mula sa limang probinsiya sa Gitnang Luzon, tumaas ang bilang ng mga probinsyang sakop ng HMB sa dalawampu't pito (27) mula 1957. Lumaganap din ang puwersa sa maraming bahagi ng Luzon, Panay at Negros at Mindanao.[31]

Sa pag-aakalang maipapanalo ang rebolusyon bunga ng malawak na suportang sibilyan at malakas na puwersang militar, ipinahayag ng

pamunuan ng PKP—Lava na mapagtagumpayan ang rebolusyon sa loob ng dalawang taon. Hindi nakita at napaghandaan ang isang mahalagang salik sa kalagayang pampulitika: ang pakikialam ng Estados Unidos. Noon pa lamang 1946, nagpatupad na ang EU ng patakaran ng supresyon at represyon at binalaan ang pamahalaan laban sa pakikilahok ng PKP at ng mga kasaping organisasyon nito sa pulitika.[32] Ang dekada singkwenta ay kinakitaan ng matinding represyon sa kilusang komunista kasabay ng pagapapatupad ng mga patakarang pangkabuhayan at pulitikal gaya ng *Bell Trade Act* at *Miltary Bases Agreement.*[33]

Sa pagkabigo ng rebelyong Huk, ang dominasyon ng mga *elite* at pagsasakatuparan ng neo-kolonyal na estado ng Pilipinas ay nagpapatuloy. Subalit di naman namatay ang kilusang radikalismo. Ang mga ugat na itinanim ng mga naunang kilusang pesante at manggagawa ay magpapatuloy sa isang panibagong anyo sa dekada sisenta sa pagsulpot ng isang panibagong kilusang radikal, ang *Communist Party of the Philippines.*

## *Ang Kilusang Pambansang Demokratiko at ang CPP*

Ang dekada sisenta ay naghudyat ng muling paglakas ng pambansang demokratikong kilusan. Bunga ng lumulubhang krisis sa kabuhayan at pulitika, lumawak muli ang kaligaligan ng masang Pilipino at muling nagpalakas sa kilusang radikal sa bansa. Sa huling hati ng 1968, muling itinatag ang partido Komunista sa pangalang *Communist Party of the Philippines* na pinamunuan ni Jose Maria Sison.

Ipinanawagan ng niriorganisang partido ang paglulunsad ng isang digmaang bayan na nakasandig sa linya ng demokratikong rebolusyon at pamumunuan ng uring manggagawa at may tunguhing sosyalista. Sa ilalim ng partido, itinatag naman ang *Bagong Hukbong Bayan* (BHB) nong 1969 at ang *Pambansang -Demokratikong Prente* (PDP) noong 1971.[34]

Ano naman ang layunin ng kilusang pambansang demokratiko?

Ang mga sumusunod na programa ng NDF ay magbibigay ng kapaliwanagan dito: pagkaisahin ang sambayanan upang ibagsak ang sistemang malapiyudal at malakolonyal sa pamamagitan ng digmaang bayan at maitatag ang isang demokratikong republikang bayan; isulong ang mga demokratikong karapatan ng bayan, i.e. reporma sa lupa at karapatang sibil, kasabay ng pakikibaka para sa tunay na kalayaan ng bayan; wasakin ang imperyalistang dominasyon, i.e. Estados Unidos at iba pa sa pamamagitan ng pagsasabansa ng kapital at lupang pagmamay-ari ng mga monopolyo at malalaking *cacique*; pagtataguyod ng progresibo at pangmasang kultura; pagtataguyod ng karapatan sa demokrasya at pagpapasya sa sarili ng mga grupong etniko; pagpapalaya sa mga kababaihan at pagtataguyod ng independyente at mapayapang patakarang internasyunal.[35]

Hanggang sa kasalukuyang panahon, ang kilusang pambansang demokratiko ay itinuturing na isa sa pinakamahalagang puwersang pulitikal na lumalaban sa pamahalaan. Mayroon itong pinakamalakas na organisasyon, armadong hukbo at pinakamalawak na suportang base sa masang sibilyan sa loob ng kilusang rebolusyonaryo. Bagamat nakararanas sa kasalukuyang dalawang dekada ng mga suliraning pang-organisasyon,[36] nananatili itong malakas na puwersang nagbabanta sa pamahalaan.

Malawak ang kasapian ng kilusang pambansang demokratiko. Ang mga organisasyong nakapaloob sa NDF ay nagpapatunay ng malawak na impluwensiya ng kilusan sa halos lahat ng uri ng sektor sa lipunang Pilipino. Bahagi ng mga organisasyong ito ang *Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan, Rebolusyonaryong Konseho ng mga Unyon, Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid sa Pilipinas, Kabataang Makabayan, Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan, Prenteng Demokratiko ng mga Mamamayan sa Cordillera, Mga Kristyano para sa Pambansang Pagpapalaya, Katipunan ng mga*

*Gurong Makabayan, Katipunan ng mga Samahang Manggagawa, Artista at Manunulat ng Sambayanan, Makabayang Kawaning Pilipino, Makabayang Samahang Pangkalusugan, Liga ng Agham para sa Bayan, Rebolusyonaryong Organisasyon ng Moro* at *Komiteng Tagapag-organisa ng Rebolusyonaryong Organisasyong Lumad.*[37]

Masasabing ang kilusang pambansang demokratiko ang tagapagmana sa kasalukuyang panahon ng tradisyong radikalismo. May mga pagkakaiba sa pananaw at ideolohiya subalit ang diwa o esensya ng kanilang minimithing layunin ay pagpapatuloy ng mga layuning ipinaglaban ng *Katipunan*: tunay na repormang agraryo, pagtatanggol sa mga karapatang sibil ng mamamayan at higit sa lahat, ang mithing lipunan na mangangalaga sa interes ng maliliit.

## *Ang Reform the Armed Forces Movement (RAM)*

Sa ilang aspekto, ang *Reform the Armed Forces Movement* ay kakaiba sa mga grupong radikal na natalakay na. Una, hindi masasabing popular ang kasapian dahil nalimita sa iisang grupo o uri lamang, i.e. grupong militar at may limitadong baseng masa lamang; pangalawa, hindi ito nagtataguyod ng rebolusyon o pagkakamit ng mga pundamental na pagbabago sa sistemang namamayani sa lipunan, at sa halip ay humihingi lamang ng pagbabago sa ilang aspekto ng lipunan o reporma. Sa kabilang panig, ang RAM ay may pagkakapareho sa mga naunang mga kilusan dahil sa paggamit ng elemento ng karahasan o *violence* upang makamit ang isang layunin.[38]

Unang nakilala ang *Reform the Armed Forces Movement* noong 1986 nang sumama sila sa mga grupong anti-Marcos at anti-Diktadura na nagpatuloy sa *EDSA Revolution.* Pumanig sila sa ilang grupo sa loob ng burukrasyang militar sa pangunguna ni Juan Ponce Enrile at Fidel Ramos. Matapos ang matagumpay na pagpapatalsik sa rehimeng Marcos, sandaling nanahimik ang RAM. Noong 1989, muli itong

pumailanlang sa larangan ng pulitika nang tangkain nitong agawin ang kapangyarihang pampulitika mula kay Pangulong Corazon Aquino.

Ano ang layunin ng RAM at ano ang dahilan ng partisipasyon ng mga sundalo sa mga pagtatangkang kudeta?

Ang *Davide Commission* na naatasang magsiyasat sa kadahilanan ng paglulunsad ng kudeta ay nagtala ng mga motibasyon ng mag sundalong nakilahok: *graft and corruption*; pagkabigo ng pamahalaang matugunan ang mga batayang pangangailangan ng mamamayan laluna sa kanayunan; pamumulitika ng mga opisyal; paksyonalismo o pagkakahati sa loob ng burukrasya militar; kakulangan sa suportang lohistikal at pinansyal para sa mga sundalo; persepsyon ng di-makatwirang pagtrato sa mga paglabag sa karapatang pantao sa pagitan ng militar at CPP-NPA; kawalan ng epektibong pamahalaan; at pagkabigong masagutan ang mga suliraning pangkabuhayan.[39]

Malinaw sa mga nakatalagang layunin na hindi tuwirang nilalabanan ng RAM ang sistemang umiiral sa kasalukuyang lipunan at sa halip ay humihingi lamang sila ng ilang pagbabago sa mga piling institusyon, sa partikular sa burukrasya at sa militar. Hindi masasabing tagapagmana ito ng tradisyon mula sa mga naunang kilusan sa bansa, subalit nakikibahagi sila sa iba pang sektor ng lipunan sa paghingi ng mga tuntuning makapagpapabuti sa kalagayan ng mas nakararami. Bunga ng limitasyon sa organisasyon at kakulangan sa baseng masa na susuporta, hindi nila napagtagumpayan ang kanilang mga layunin. Subalit dahil naging banta rin sa katatagan ng pamahalaan, nakakuha rin sila ng mga konsesyon.

## KONKLUSYON

Layunin ng papel na matalakay ang naging pag-unlad ng kilusang radikalismo sa Pilipinas. Tinangka itong gawin sa pamamagitan ng paglalarawan sa ilang piling kilusan. Tinukoy ang mga pangyayaring kinasangkutan ng kilusan, ang mga layunin at programa nito, at ang pangkalahatang ambag sa mga sumunod pang kilusan.

May makikitang dalawang mahahalagang tema mula sa naging pag-aaral: una, ang pag-usbong ng mga kilusang naglalayong makamit ang mga pundamental na pagbabago sa kanilang panahon at lipunang ginagalawan ay nagsisilbing pisi na nagkakawing sa iba't ibang panahon sa kasaysayan ng ating pagkabansa. Isa itong aspekto ng nagpapatuloy at masasabing dominanteng tema sa kasaysayang Pilipino. Pangalawa, magkakatulad ang mga layunin at mithiin ng mga kilusang radikal maliban na lamang sa huling nabanggit. Maaaring nagkakaiba sa anyo o porma ng pakikibaka subalit ang diwa o esensya ng mga hinihinging pagbabago ay nananatili- ang pakamit ng isang lipunang makatao at mangangalaga sa interes ng maliliit at mas nakakarami.

Hangga't nagpapatuloy ang kawalan ng hustisya, makatwiran at makataong lipunan, mananatiling tema at mahalagang bahagi ng ating kasaysayan ang kilusang radikalismo.

## MGA TALA

[1] May pagtalakay ukol sa mga kilusan sa: Nicholas, Ralph "Social and Political Movements," ***Annual Review of Anthropology*** 2 (1973):69.

[2] Hagopian, Mark. ***The Phenomenon of Revolution*** (New York: Dodd, Mead and Co., 1975) pp.1-2.

[3] Tignan ang: Guillermo, Alice, "Mga Interpretasyon ng Rebolusyong 1896," sa ***Katipunan: Isang Pambansang Kilusan***, ed. Ferdie Llanes (Quezon City: Trinitas Publishing Co., Inc., 1994), p. 29

[4] Maaaring tignan ang maraming ulat sa himagsikan, halimbawa: Almario, Virgilio, ***Panitikan ng Rebolusyon (g1896): Isang Paglingon at Katipunan ng mga akda nina Bonifacio at Jacinto*** (Quezon City: U.P. Press, 1993); Ileto, Reynaldo, ***Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*** (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979); Majul, Cesar A., ***The Political and Constitutional Ideas of the Philippine Revolution*** (Quezon City: UP Press, 1967).

[5] Matatandaang kasapi si Bonifacio sa *Liga* at nagbuo lamang ng hiwalay na samahan nang mahati ito sa pagitan ng mga maka-reporma (*Cuerpo de compromisarios*) at maka-himagsikan (*Katipunan*).

[6] Ang aklat na ***Katipunan: Isang Pambansang Kilusan*** ay nagbibigay ng mga patunay ng pagkilos ng *Katipunan* at himagsikan sa iba't ibang bahagi ng bansa.

[7] Makikita ang ganitong pananaw sa rebolusyon sa : Constantino, Renato. ***The Philippines: A Past Revisited*** (Quezon City: R.C., 1975); Guerrero, Milagros, ***Luzon at War: Contradictions in Philippine Society, 1898-1902***, PhD. Dissertation, University of Michigan, 1977; at Guillermo, *ibid.*

[8] Ileto, R. *Pasyon, ibid.*, pp. 175.

[9] *Ibid.*, p. 179.

[10] Nahikayat ni Gomez si Sakay na sumuko sa pangakong ang bubuuing Pambansang Asembleya ang magbubukas sa pinto ng kalayaan para sa bayan.

[11] Ileto, *ibid.*, p.196.

[12] Malaki ang impluwensiya ni Ricarte sa kilusang ito. Sinikap talaga ng pamunuan ni Benigno Ramos na makaalyado si Ricarte na kinikilala ng marami dahil sa pagtanggi nitong manumpa sa pamahalaang Amerikano at sa halip ay nanirahan bilang isang ipinatapon.

[13] Guerrero, Milagros, "Peasant Discontent and the Sakdal Uprising, " ***Praxis*** (August 1965), p. 41.

[14] Sa katunayan, ang mga pulitiko ay sumasakay sa isyu ng pagkamit ng independensiya dahil susi ito sa pagkapanalo sa halalan. Mahusay na halimbawa si Manuel Quezon na nakikipagkasundo sa mga Amerikano na mapanatili pa ang mas mahabang panahon ng pananakop habang sumisigaw naman ng kalayaan kapag nangangampanya sa iba't ibang bayan at lalawigan. Tignan sa: Friend, Theodore, ***Between Two Empires: The Ordeal of the Philippines, 1929-1946*** ( Manila: Solidaridad Publishing House, 1969).

[15] Rubio, Ramon. "Ano ang Sakdalismo?" ***Sakdal*** (Abril 1935), microfilm: National Library

[16] Sturtevant, David. ***Popular Uprisings in the Philippines: 1840-1940*** (New York: Cornell University Press, 1976), pp. 220-225.

[17] Tignan ang pag-aaral ni Motoe Terami Wada, ***The Sakdal Movement***, Ph.D. Dissertation, University of the Philippines, 1991.

[18] Constantino, *ibid.*, pp.365-367.

[19] Constantino, *ibid.*, p.368.

[20] Schirmer, D. & S. Shalom, eds. ***The Philippines Reader: A history of colonialism, neocolonialism, dictatorship and resistance*** (Quezon City: Ken Inc. 1987), p.73.

[21] Sa bisa ng desisyon ng Korte Suprema,ideneklarang ilegal ang PKP noong 26 Oktubre 1932 at ang mga pangunahing lider gaya ni Guillermo Capadocia at Mariano Balgos ay kinasuhan ng sedisyon at rebelyon. Tignan: Schirmer at Shalom, *ibid.*

[22] Hindi naligtas ang kilusang radikal sa impluwensiya ng mga dayuhan. Noong dekada '20, marami sa mga lider ng kilusang manggagawa ang nakianib sa mga organisasyong internasyunal ng mga maka-Kaliwa gaya ng *Red International of Labor Unions*. Nagtungo rin sa Pilipinas ang ilang komunistang Amerikano, kabilang na si James Allen at William Pomeroy na pinatunayang may direktang kinalaman sa pagpapalakas ng kilusang komunista sa Pilipinas. Pormal ring inihayag na ang partido ay kasapi ng *Communist International*. Tignan ang: Allen James, ***The Radical Left on the Eve of War*** (Lungsod ng Quezon, 1985).

[23] Constantino, *ibid.*, p.384.

[24] Llanes, Ferdinand, "Pagtutuos sa Kilusang Komunista, 1940-1957: Ilang Karanasan sa Paglilinang ng Isang Lider," ***Philippine Social Sciences Review*** (Quezon City: UP Press, 1994), pp. 114-115.

[25] Ganito ang analisis ni Kerkvliet, *Benedict, The Huk Rebellion: A study of peasant revolt in the Philippines* (Quezon City: New Day Publishers, 1979).

[26] Ito ay malayang pagsasalin muna sa: Owens, William A. "Will the Huks Revolt?" ***Asia***, Pebrero 1946 na hango sa: Schirmer at Shalom, ***The Philippines Reader***, ***ibid.***, p. 76.

[27] ***Ibid.***, at maaari ring tignan sa Kerkvliet, ibid., p. 98-99.

[28] Shalom, ibid.

[29] Kerkvliet, ibid., p. 112.

[30] Constantino, Renato at Letizia Constantino, ***The Philippines: A continuing Past*** (Quezon City: Foundation for Nationalist Studies, 1975), p. 223.

[31] *Ibid.*, pp. 224-225.

[32] *Ibid.*

[33] Shalom, *ibid.*, pp. 105-123.

[34] Programa sa Pambansa-Demokratikong Prente (Nobyembre 1995) sa ***Rebolusyon*** 1 (Enero-Marso 1996), pp. 50-51.

[35] ***Ibid.***, pp. 68-110.

[36] Ang tinutukoy ay ang ilang *setback* na nararanasan bunga ng pagkakahati sa pagitan ng RA-RJ sa pamunuan at ilang kampanyang di nagtagumpay at sa halip ay nakapagpalala sa mga nararanasang problema. Tignan sa: Abinales, P.N., "Jose Maria Sison and the Philippine Revolution: A Critique of an Interface," ***Kasarinlan*** 8:1, 3rd Quarter 1992, pp. 40-43.

[37] Programa ng PDP, ibid., p. 43.

[38] Ayon kay Mark Hagopian, maraming uri ng radikal na pagkilos na naiiba sa rebolusyon, nariyan ang *coup d'etat* o pagpapatalsik sa kasalukuyang liderato ng gobyerno, *jacquerie* o pag-aalsa ng mga pesante, natibismo o kilusang melinaryan, rebelyon, sesesyon o paghiwalay/awtonomiya. Tignan sa: Hagopian, Mark, ***The Phenomenon of Revolution*** (New York: Dodd, Mead and Co., 1975) 1-44.

[39] ***Recommendations of the Davide Commission: Final Report*** (1991).